THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 MAINIT NA PAGBATI PARA SA MGA ISKO AT ISKA NG CALAPAN!

VOLUME 2 No. 30 Jun. 05, 2023 - Jun. 11, 2023

# DOST-MIMAROPA ON SMART AND SUSTAINABLE COMMUNITIES AND CITIES



HINDI PINALAMPAS ni City Mayor Marilou Morillo ang pakikibahagi sa pagpupulong na isinagawa ng Department of Science and Technology MIMAROPA patungkol sa Smart and Sustainable Communities and Cities Framework noong ika-5 ng Hunyo via Zoom.

Kasama si City Planning and Development Officeer EnP. Joselito Bautista, aktibong nakilahok sa talakayan si Mayor Morillo lalo na't ito ay makatutulong sa pag-unlad ng Lungsod ng Calapan.

Ang nasabing gawain ay pinangunahan ni DOST Provincial Science and Technology Director Jesse Pine at ng kaniyang mga kasamahan upang ipaliwanag ang Smart City Framework.

Isa nga sa nakapukaw ng atensyon ng Punong Lungsod ay ang Electromobility na isa sa mga indicator ng pagiging isang Smart City, partikular na ang ibinahagi ng Electromobility Research and Development Center ang mga proyekto ng Cagayan State University at University of the Philippines tulad na lamang ng paggawa ng e-Trike.

Ayon naman kay Mayor Morillo at EnP. Bautista, kabilang na ang electromobility sa pinagaaralan ng Pamahalaang Lungsod bilang bahagi ng Green City Project kung kaya't malaking tulong ang pagpupulong dahil nabibigyan umano sila ng ideya kung paano magiging posible ito (Thea Marie J. Villadolid/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER


JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM








TINGNAN: Simpleng kumustahan at pakikipag-daupang palad ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher A. Dolor kasama si PG-DH-PTIEDO at Provincial Cooperative Development Office (PCDO) Officer In-Charge Orlando Tizon sa mga myembro ng bagong Street Food On-Wheels Association (SFOWA) na pinamumunuan ni President Socorro Goda-Alinea. Matatandaang patuloy na inaalalayan ng Pamahalaang Panlalawigan na pinangungunahan ni Governor Bonz Dolor at Vice-Governor Ejay Falcon ang iba't-ibang organisadong asosasyon upang tulungan na mapalakas ang kanilang pwersa at upang magkaroon ng mas matibay na sandigan sa patuloy na pagbuhay sa kanilang sektor.

Ang mga maliliit na negosyante (street food on-wheels association members) nagpapasalamat sa kabuuan ng Pamahalaang Panlalawigan lalo na sa ehekutibo at lehislatibong sangay nito na magkatuwang sa pagsasakatuparan ng proyektong Plaza Del Gobernador: Liwasan ng Mamamayan na ngayo'y nagiging dahilan ng kanilang pagkakataong mas tangkilikin ang kanilang mga paninda na sinisiguro naman ng kanilang samahan na malinis at safe ang pagkain nilang itinitinda.

Ayon kay SFOWA President Alinea may opisyal ng kanilang asosasyon na nakatutok para sa mga inspeksyon upang tiyaking nasusunod ang kalinisan at kaayusan ng kanilang pagtitinda sa itinalagang lugar para sa kanila. Ngayong inaagapayan sila ng Kapitolyo natitiyak aniya nilang magiging epektibo at patuloy na lalago ang knailang munting negosyo. Samantala, sinabi naman niyang nakatuon sila sa pagpapalakas ng kanilang samahan lalo pa't solido silang inaagapayan ng pwersa ng PCDO. (PIO Calapan)






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# MAINIT NA PAGBATI PARA SA MGA ISKO AT ISKA NG CALAPAN!

BILANG PASASALAMAT sa Pamahalaang Lungsod ng Calapan na pinamumunuan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, personal na bumisita ang mga nagsipagtapos na iskolar ng Bridge to the Future College Scholarship sa tanggapan ng Punong Lungsod, kasama si City Educatioin Officer na si Ms. Myriam Olalia, ika-5 ng Hunyo.

*"Nais ko na lahat kayo ay magtagumpay kaya naman lalo ninyong pag-igihan sa inyong mga tinahak na propesyon,"* iyan ang mensahe ni Mayor Morillo sa mga iskolars.

Ani pa niya, talagang humahanga siya sa mga kabataang nagpupursige na makatapos ng pag-aaral at makatulong sa pamilya. Nag-iwan din ang Ina ng Lungsod ng mga pangaral sa mga iskolars upang sila'y maging maunlad.

Nagtapos ang mga iskolar sa Divine Word College of Calapan sa mga kursong Engineering, Business, at Education. (CIO Calapan)







# ORBITS SATELLITE CORPORATION X ASTRANIS SPACE TECHNOLOGICS CORPORATION



BUMISITA ang Orbits Satellite Corporation at Astranis Space Technologies Corporation sa Lungsod ng Calapan upang makapanayam si City Mayor Marilou-Flores Morillo noong ika-3 ng Hunyo.

Layunin ng magkatuwang na kumpanya na makatulong sa pagkakaroon ng stable internet connection sa mga tukoy na lugar na may mahina o wala talagang internet signal.

Sa pagtupad sa layuning ito, ilulunsad nila ang First Dedicated Philippine Satellite na isang Geostationary Orbit.

Ibinahagi naman ni Mayor Morillo ang kaniyang kagalakan sa inisyatibong ito ng dalawang kumpanya; gayundin, ipinakita niya ang proyekto ng Pamahalaang Lungsod na Net On Wheels (NOW) na umiikot sa lungsod.

Ang Orbits Satellite Corporation ay isang Philippine-based company na pinangungunahan nina Atty. Agusto Baculio — President, Danny Rostrata — Engineering, Martin Toledo — Sales, Emmanuel Buhat — Creative Marketing, at Isabella Flores — Business Development. Samantala nakabase naman sa San Francisco, California ang Astranis Space Technologies Corporation na pinamamahalaan nina Chief-of-Staff Christian Keil, Rob Mann — International Relations, at Jason Carman — Creative. (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 30 Jun. 05, 2023 - Jun. 11, 2023

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *ORIENTAL MINDORO INVITANIONAL (OMI) E-PALARONG PAMBANSA REPRESENTATIVE*




DUMALO si City Mayor Marilou Flores-Morillo at Konsehal RL Leachon sa Orienal Mindoro Invitationals upang matunghayan ang galing ng mga kabataang Mindoreño sa e-Sports, ika-3 ng Hunyo sa Tamaraw Hall, Provincial Capitol.

Para kay Mayor Morillo, nakakatuwa na ang dating libangan lamang na laro ay nagiging makabuluhan dahil nahahasa nito ang kakayahan ng mga kabataan katulad na lamang ng pagkakaroon ng strategic-thinking at collaboration skills.

Paalala lamang niya sa mga kabataang online gamers ay huwag pa ring isantabi ang mahahalagang bagay at huwang hahayaang maapektuhan ang pag-aaral.

Samantala, pinangunahan ng Morpheus Esports, Oriental Mindoro Provincial Youth Development Council, at E-Palarong Pambansa ang OMI kung saan ang mga kabataang manlalaro ay naglaban sa Mobile Legends Bang Bang, Call of Duty Mobile, Valorant, at League of Legends.

Magiging kinatawan naman ng Lalawigan ng Oriental Mindoro ang itatanghal na kampeon sa darating na E-Palarong Pambansa (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



